

Rice Blast o Mata mata

[Pest Management]

Ang *Rice Blast* o pamumutok ng palay ay isa sa mga pangunahing sakit na nakikita sa halamang palay. Ito ay maaaring makaapekto sa dahon, pinakapuno ng uhay, buko, at batok ng uhay. Kung ang palay ay naapektuhan na ng *blast*, ang mga hiwa o sugat sa dahon ay kapansin-pansing kulay abo sa gitna, nangingitim ang palagid at hugis dyamante (malaki sa gitna at papaliit sa mga dulo). Ang sintomas ng dahon ay pareho sa sakit na *Brown Spot*. Subalit kapag ang *blast* ay umatake sa mga bukong na nasa tangkay, maaari itong mapagkamalan na pinsalang dulot ng mga daga.

Local names:


mata-mata (Tagalog),
agupaw (Waray)
taya-taya (Cebuano in Mindanao)

Causal organism:

Pyricularia oryzae
(telemorph *Magnaporthe oryzae*)

Bakit kailangang kontrolin ang rice blast?

Ang *blast* ay isang pangunahing sakit ng halamang palay sa parehong lupang bana at katihan, lalo na sa mga lugar na may angkop na kondisyon gaya ng mataas na halumigmig sa kapaligiran (hal. maulap at maulan), mahabang pagkabasa ng mga dahon, at matataas na antas ng kakayahang magbunga. Kapag naapektuhan na ng *blast* ang halamang palay, nagdudulot ito ng matinding pinsala at pagkalugi – may mga pagkakataon din (subalit ito ay napaka bihira lamang) na umaabot ng 100 porsyento ang pagkasirang dulot ng sakit na ito.



Leaf blast



Panicle blast

Paraan ng pangagalaga:

- Pagtanim ng mga *resistant varieties* o barayti ng palay na matatag laban sa *blast*. Ito ang pinakapraktikal at matipid na paraan ng pagpigil nito.
- Ang maagang pagpupunla ng pananim ay iminumungkahi dahil ang mga huling napunlang halaman ay maaaring mahawaan na ng *inoculum* (bagay, katulad ng mga itlog o uod ng insekto, na siyang nakakapagdulot ng impeksiyon o impestasyon). Ang *inoculum* ay nagmumula sa mga unang naipunlang katabing pananim.
- Gumamit ng balanseng pangangalaga sa nutrisyon ng halaman. Ang sobrang paggamit ng pataba o abono (lalo na ng nitroheno) ay maaaring magdulot ng sobrang paglago ng halamang palay. Ang paglago na ito ay siya namang maaaring magpataas ng halumigmig sa kapaligiran at pagkabasa ng mga dahon ng. Ito ay maaaring makapagpataas ng impeksiyon. Nirerekomenda ang pagsasagawa ng hatiang aplikasyon ng nitroheno – base sa aktwal na pangangailangan ng halamang palay ay para hindi lumala ang naturang sakit.
- Ang pagtanim ng salitan (*inter-planting*) ng mga *resistant* at *susceptible* na barayti (mga barayting madaling kapitan o pinsalain) ay makapagpapababa ng impeksiyon ng mga *susceptible* na pananim. Ito ay matagumpay na nagawa sa Timog Tsina kung saan apat na hilera ng *resistant* na barayti ang ipinunla kada isang hilera ng *susceptible* na barayti ng halamang palay.
- Ang mataas na lebel ng sustansyang *silica* sa halaman ay nakakapigil sa pagkakaroon ng *rice blast*. Ang lupang mababa ang *silicon* ay maaaring maremedyohan sa pamamagitan ng paglalagay ng *calcium silicate slag*; ngunit ito ay maaring maging magastos.

Source:

International Rice Research Institute